

Iniinom na Gamot na Antiparkinsonian

Sakit na Parkinson's

Ang sakit na Parkinson's ay progresibong sakit ng nervous system na nakaaapekto sa inyong paggalaw. Ang mga matatandang kabataan ay bihirang makaranas ng sakit na Parkinson's. Karaniwang nagsisimula ito sa kalagitnaan o sa mga huling bahagi buhay, at ang peligro ay tumataas sa mga may edad. Ang mga tao ay kadalasang nagkakaroon ng sakit sa pagitan ng kanilang edad na animnapu o mas matanda. Ang mga lalake ay isa at kalahating beses na mas maaaring magkaroon ng sakit na Parkinson's kaysa babae.

Ang sintomas ng sakit na Parkinson's ay nag-iiba sa bawat tao. Subalit, ang sintomas ay karaniwang nagsisimula sa isang panig ng katawan at kadalasang may kaugnayan sa paggalaw. Ang mas kilalang sintomas ng sakit na Parkinson's ay may kaugnayan sa paggalaw kasama ang panginginig (hindi sinasadyang pag-alog ng partikular na parte ng katawan, kadalasang nagsisimula sa paa't kamay) at madalas na malala kapag nakapahinga, pagtigas (paninigas ng mga kalamnan ng paa't kamay at kasukasuan na nalilimitahan ang saklaw ng paggalaw) at bradykinesia (ang pisikal na paggalaw ay nagiging mabagal). Kasama sa iba pang sintomas na walang kaugnayan sa paggalaw ang depresyon, antok sa umaga, hirap sa paglunok at problema sa pananalita.

Ang sakit na Parkinson's ay sanhi ng unti unting pagkasira o kamatayan ng tiyak na nerve cell sa utak. Ito ay nagiging dahilan ng pagkabawas sa bilang ng kemikal na tinatawag na dopamine sa utak. Kapag bumaba ang antas ng dopamine, nagdudulot ito ng hindi normal na aktibidad ng utak, na napupunta sa pangunahing sintomas ng sakit na Parkinson's.

Lunas

Bagaman ang sakit na Parkinson's ay hindi nalulunasan, ang mga gamot ay mabibili upang makatulong na mabawasan ang mga sintomas at mapanatili ang kalidad ng buhay. Kasama dito ang mga suportang therapy tulad ng physiotherapy, occupational therapy at sikolohikal na pagpapayo para makatutulong makasabay sa pang araw araw na buhay, o gamot upang makontrol ang sintomas. Ang pamamaraang pag-opera tulad

ng deep brain stimulation ay maaaring gamitin sa ilalim ng pamamahala ng doktor.

Ang gamot na Antiparkinsonian ay ginagamit upang lunasan ang mga sintomas ng sakit na Parkinson's. Ang karamihan sa mga rehistradong gamot na Antiparkinsonian sa Hong Kong ay mabibili sa mga pormang iniinom na dosis hal. tabletas, kapsula; habang ang iba sa kanila ay inilalahad sa pormang isinasaksak at transdermal patches.

Iniinom na antiparkinsonian na Gamot

Ang gamot na antiparkinsonian ay binubuo ng may kalakihang paggamit ng dopaminergics o antimuscarinics sa pagtatangkang muling mapanatili ang normal na balanse ng mga aktibidad sa pagitan ng dopaminergic at cholinergic. Ang mga gamot na may ibang aksyon ay maaaring kailanganin upang makuha ang pinaka mainam na pagkontrol sa sintomas. Maaaring kasama sa mga gamot ang:

1. Levodopa: Ang gamot na ito ang pinaka epektibong lunas upang makontrol ang sintomas ng sakit na Parkinson's. Sinisipsip ito ng nerve cells sa inyong utak at ginagawa itong dopamine. Ang levodopa ay kadalasang isinasama sa peripheral dopa-decarboxylase inhibitor tulad ng benserazide o carbidopa. Ang Dopa-decarboxylase inhibitors ay pinipigilan ang pagkasira ng levodopa sa bituka, kung saan pinapayagan ang epektibong konsentrasyon ng dopamine ay makuha sa utak na may mababang dosis ng levodopa, at gayundin nababawasan ang masamang epekto tulad ng pagduduwal at pagsusuka.
2. Dopamine agonist: kumikilos sila bilang kapalit sa dopamine sa utak at mayroong direktang aksyon sa dopamine receptors. Hindi sila kasing epektibo ng levodopa sa pagpapabuti ng sintomas ng sakit na Parkinson's. Subalit, malabong magdulot ng problema sa kalamnan kaysa levodopa at ginagamit upang lunasan ang nagsisimula pa lamang na sakit ng Parkinson's. Kasama sa mga halimbawa ang pramipexole, ropinirole, bromocriptine at cabergoline.
3. Monoamine oxidase-B (MAO-B) inhibitors: hinaharangan nila ang epekto ng enzyme na tinatawag na monoamine oxidase-B sa utak kung saan ay nadudurog o sinisira ang dopamine para sa utak. Ginagamit sila bilang kapalit sa levodopa para gamutin ang bago pa lamang na nagsisimulang sakit ng Parkinson's. Kasama sa mga halimbawa ang selegiline at rasagiline.

4. Catechol O-methyltransferase (COMT) inhibitors: Iniiwasan nila ang peripheral na pagkasira ng levodopa, sa pagpigil sa enzyme na tinatawag na catechol-O-methyltransferase (COMT). Ang pagdadagdag ng peripheral COMT inhibitor ay makapagpapahaba ng epekto ng levodopa sa utak, at pahihintulutan ang mababa at mas kakaunting dosis ng levodopa. Kadalasan silang inirereseta sa mga taong nasa huling yugto ng sakit na Parkinson's. Kasama sa halimbawa ang entacapone.

5. Antimuscarinics: Mayroon silang mahinang epekto ng antiparkinsonian kumpara sa levodopa. Binabawasan nila ang panginginginig at paninigas ngunit may maliit na epekto sa bradykinesia. Ang masamang epekto ng antimuscarinic, partikular sa kapansanan sa pag-intindi, ay madalang lumitaw at maaaring malimitahan ang gamit. Kasama sa halimbawa ang orphenadrine at benztrophine.

6. Amantadine: Ito ay isang mahinang dopamine agonist na may kaunting aktibidad ng antimuscarinic. Mayroon silang banayad na epekto ng antiparkinsonian kumpara sa levodopa. Maaari itong gamitin ng nag-iisa upang magbigay ng panandaliang ginhawa sa sintomas ng banayad, unang yugto ng sakit na Parkinson's, at maaari ring ibigay ng may levodopa therapy sa mga huling yugto ng sakit upang makontrol ang mga hindi sinasadyang paggalaw na dulot ng levodopa.

Karaniwang Masamang Epekto at Pag-iingat

| Gamot na antiparkinsonian | Karaniwang masamang Epekto | Pag-iingat |
|----------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 1. Levodopa | <ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal • Pagsusuka • Paggaan ng ulo • Antok • Hindi sinasadyang paggalaw • Epektong "On-Off" kung ginagamit ng pangmatagalan [biglaang paglipat sa pagitan ng paggalaw (on) at hindi paggalaw(off)] | <ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may malalang sakit sa pulmon at puso, sakit sa pag-iisip (itigil kapag lumala at iwasan kapag mas matindi), endocrine disorders at sa mga my kasaysayan ng kombulsyon o peptic ulcer. • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng madaling kapitan ng angle-closure glaucoma, at sa mga mayroong kapansanan sa atay o bato. |

| | | |
|-------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| | | <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang biglaang pagtigil. • Ang mga pasyente ay dapat maging alerto sa mga posibleng pampakalmang epekto at kung apektado, huwag magmaneho o magpatakbo ng mga makinarya. |
| 2. Dopamine antagonists | <ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal • Pagsusuka • Pagkahapo • Pagkahilo • Pamamaga • Mapilit na pag-uugali tulad ng labis na kahiligan sa pakikipagtalik, pagsusugal at pagkain | <ul style="list-style-type: none"> • Kontraindikasyon: Ang bromocriptine ay may kontraindikasyon sa mga pasyenteng may hindi kontroladong hypertension, hypertensive disorder ng pagbubuntis, kasaysayan ng sakit sa coronary artery o iba pang malalang kundisyon sa puso, o may kasaysayan ng malalang karamdaman sa pag-iisip. • Gamitin ng may pag-iingat sa matatandang mas madaling magkaraoon ng pagkalito o guni guni. • Siguraduhing walang cardiac valvulopathy na may echocardiography bago magsimula ng paggagamot ng ergot-derivatives dopamine-receptor agonists tulad ng bromocriptine at cabergoline • Ang mga pasyente ay dapat mabigyang babala sa mga peligro ng biglaang pagtulog at kung maapektuhan, huwag magmaneho o magpatakbo ng anumang makinarya. • Ang mga reaksyong hypotensive ay maaaring lumitaw sa ilang pasyente at kapag apektado, |

| | | |
|---------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| | | huwag magmaneho o magpatakbo ng makinarya. |
| 3. MAO-B inhibitors | <ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal • Sakit ng ulo • Pananakit ng tiyan • Panunuyo ng bibig • Pagsakit ng tiyan | <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang biglaang paghinto • Mataas na peligro ng guni guni at problema sa kalamnan kapag ginamit ng may levodopa • Hindi dapat gamitin ng may isang-uri ng antidepressants, dahil maaaring maugnay at makapag pataas ng presyon ng dugo sa antas na delikado |
| 4. COMT inhibitors | <ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal • Pagsusuka • Pagtatae • Pananakit ng tiyan • Pagtaas ng peligro sa hindi sinasadyang mga paggalaw | <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang biglaang pagtigil • Ang kasabay na dosis ng levodopa ay mangangailangang bawasan • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may phaeochromocytoma, kasaysayan ng neuroleptic malignant syndrome o rhabdomyolysis • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may kapansanan sa atay |
| 5. antimuscarinics | <ul style="list-style-type: none"> • Pagkahilo • Pagduduwal at pagsusuka • Pagtigas ng dumi • Mabilis/hindi regular na pintig ng puso • Pagmamadali sa pag-ihi at pagpapanatili ng ihi • Panglalabo ng paningin • Panunuyo ng bibig • pantal | <ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga bata at matatanda • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa puso, prostatic hypertrophy, hypertension, may sakit sa pag-iisip, pyrexia, at sa mga madaling kapitan ng angle-closure glaucoma • Gamitin ng may pag-iingat sa may kapansanan sa atay o bato |

| | | |
|---------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| | | <ul style="list-style-type: none"> Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng may myasthenia gravis at gastro-intestinal obstruction |
| 6. Amantadine | <ul style="list-style-type: none"> Mga pananakit ng tiyan Kawalang gana sa pagkain Panunuyo ng bibig Mabilis na pintig ng puso Matamlay Pagkahilo Pagkakaroon ng patakatak na kulay ube sa balat Pamamaga ng bukong bukong Guni guni | <ul style="list-style-type: none"> Iwasan ang biglaang paghinto. Gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa puso, nalilito o nasa estado ng pagguguni guni at may kapansanan sa atay Hindi dapat gamitin sa mga babaeng buntis at nagpapasuso Ang mga pasyente ay dapat maging alerto sa mga posibleng epekto ng pagpapakalma at kung maapektuhan, huwag mag maneho o magpatakbo ng makinarya |

Pangkalahatang Payo sa pagi-nom ng gamot na antiparkinsonian

- Ang gamot ay nagpapabuti sa kalidad ng buhay at aktibidad ng mga pasyente sa pang araw araw na pamumuhay, kahit pa hindi nito nagagamot ang sakit na Parkinson's o kahit maiwasan ang paglala ng sakit.
- Ang pangmatagalang paggamit ng gamot na antiparkinsonian ay kadalasang kailangan at ang biglaang pagtigil ng gamot ng walang medikal na gabay ay dapat iwasan.
- Ang mabuting pag-aalaga sa sarili ay may napakalaking benepisyo sa pasyente. Kasama sa pag-aalaga sa sarili ang mga bagay na ginagawa upang mapanatili ang mabuting pisikal at mental na kalusugan, iwasan ang sakit o aksidente, at epektibong pakikitungo sa mga mas maliliit na karamdaman at pang matagalang kondisyon tulad ng pagkakaroon ng balanseng dyeta na may regular na ehersisyo at sapat na pahinga.

- Maging pamilyar sa mga pangalan ng gamot at dosis ng gamot na antiparkinsonian na inyong iniinom. Maging maingat sa mga posibleng masamang epekto.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Ang mga pasyente ng sakit na Paarkinson's ay maaring magkaroon ng problema sa pagtulog. Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay nahahapo sa umaga o hirap kumilos sa gabi.
- Ang gamot na Antiparkinsonian ay maaaring maugnay sa ibang gamot. Ipaalam sa inyong doktor ang anumang gamot na iniinom, kasama ang mga over-the-counter na gamot, upang masuri ng doktor kung ang antiparkinsonian na gamot ay ligtas para sa iyo na gamitin.
- Ipaalam sa inyong doktor ang kasaysayang medikal, dahil ang ibang sakit ay maaaring mangailangan ng masusing pagbabantay.
- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinaka magandang opsyon sa gamot. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinaka angkop na gamot matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at tugon sa gamot.
- Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay buntis o nagpapa suso dahil ang ibang iniinom na gamot na antiparkinsonian ay hindi dapat gamitin ng mga babeng buntis o nagpapasuso.
- Humanap kaagad ng payong medikal kung nakakaranas ng anumang sintomas o masamang epekto na pinaghihinalaang may kaugnayan sa gamot na antiparkinsonian. Maaaring pag aralang muli ng inyong doktor ang uri ng inyong gamot.
- Humanap ng medikal na payo kung ang sintomas ay lumala o may mga pag-aagam agam tungkol sa gamot na inyong iniinom.

Pag iimbak ng iniinom na gamot na antiparkinsonian

Ang iniinom na antiparkinsonian na gamot ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itago sa refrigerators. Bukod pa, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkalulon.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) at ang Serbisyo sa Kalusugan ng Matatanda para sa kanilang mahalagang ambag para sa paghahanda ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga

Kagawaran ng kalusugan

Enero 2021